# 10 Utos ng COVID-19

Christopher Bryan A. Concha

Mula nang isailalim ang bansa sa state of public emergency bunsod ng banta ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) noong Marso 8, naging new normal na ang pagpapayo na ugaliing maghugas ng kamay at magsuot ng face mask sa matataong lugar. Nakiisa rin maging ang iba't ibang media outfits sa pamamagitan ng pag-eere ng mga patalastas na nagbibigay-diin sa mga paalalang ito. Nagkalat din sa mga social media site ang mga gimik at pakulo upang ibahagi sa netizens ang mga dapat tandaan upang manatiling ligtas sa gitna ng pandemya. Ngayon, paano kaya kung ang mismong iniiwasang virus ang magpayo sa atin? Ano-anong tips kaya ang maibibigay nito sa atin? Narito ang sampung utos ng COVID-19.

## 1. You shall have no other priorities before me

Shet. May pandemya pa ba? Di ko na kasi ramdam. Ako na mismong virus, di ko maramdaman kung may ginagawa kayo laban sa 'kin. Iyong ibang mga bansa hindi na magkandaugaga kung paano ako pupuksain, tapos kayo kebs lang? It really hurts na deadmahin nang ganito. Kung sino pang may maraming kaso, sila pang walang paki sa 'yo. *insert Mimiyuuuh dance step*

Nasa panahon kayo ng pandemya, tapos inuna n'yo pang atupagin ang paglalagay ng dinurog na dolomite sa Manila Bay?[1] Sabi n'yo para makatulong sa mental health ng mga tao. Pero di ba kaya nga sila napapraning ay dahil anim na buwan na kayong naka-

1 Anna Felicia Bajo, "DILG Spox: Budget for Manila Bay White Sand Project Not from COVID-19 Response Fund," *GMA News Online*, Setyembre 15, 2020, https://www.gmanetwork.com/news/news/metro/755636/dilg-spox-budget-for-manila-bay-white-sandproject-not-from-covid-19-response-fund/story/.

quarantine? Dubbed as one of the longest and strictest coronavirus lockdowns pa nga sa buong mundo. Ang kawalan ng progreso sa COVID cases n'yo ang nakalalala ng mental health ng mga tao, hindi ang mga basura sa Manila Bay! Tse!

Pero bakit pa nga ba ako nadidismaya? Di ba kayo rin naman 'yong bansang kebs lang noong pumutok ang chismis tungkol sa pamemeste ko sa Wuhan? Sige pa rin ang pagpapapasok n'yo sa mga Chinese, with open arms pa nga. Kesyo iniiwasang maging racist. Kesyo nakakaawa naman kung ipagtatabuyan sila.[2] O, ngayon, sino ang mas nakakaawa ang kalagayan? Iyong ibang mga bansa pabalik na sa normal. Kayo #WaitingGaming pa rin sa vaccine.

Kasi naman, wa epek po ang ECQ, MECQ, GCQ, MGCQ, o kahit mamigay pa kayo ng BBQ, kung wala sa akin ang focus n'yo. Sa halip na pagtuunan n'yo ng pansin ang mass testing at contact tracing para mahanap ang mga nahawaan ko, aba mas naging priority pa ang pagpapasara sa isang media giant. Naka-live telecast pa nga ang bawat hearing na para bang nakasalalay rito ang magiging kinabukasan ng bansa sa gitna ng pandemya. Sino ba talaga ang totoo n'yong kalaban? Dahil kung ako, ipagpapaliban n'yo muna ang mga issues n'yo sa buhay! Hahayaan n'yo muna silang magpatuloy kahit paso na ang prangkisa para magamit ang lawak ng audience at mas madaling maipabatid sa publiko ang mga kailangan nilang malaman. Di n'yo ba naisip kung anong magiging epekto nito lalo na sa mga nasa remote area na tanging ang signal lang ng network na ito ang kanilang nasasagap? Sa panahong itinuturing na isang sandata ang impormasyon, ito pa ang pinili n'yong ipagkait sa mga tao.

Akala ko 'pag natapos na ang isyu n'yo sa pagpapasara ng network, ako na ang haharapin n'yo. Nakakahiya naman sa inyo e. Parang ako pa ang naging salingkitkit dito. Kaso hindi. Sinunod n'yo

2 Argyll Geducos, "Duterte Tells Filipinos: Stop the Sinophobia," *Manila Bulletin*, Pebrero 30, 2020, https://news.mb.com.ph/2020/02/03/duterte-tells-filipinos-stop-thesinophobia/.

namang atupagin ang pagsasabatas sa Anti-Terror Law. Mga mars, ako lang 'to. Virus lang ako, ha? Hindi ako terorista. Serbisyong medikal at hindi bala o pananakot ang makasusugpo sa 'kin. Hindi ko gets kung bakit gigil na gigil kayong maipasa ang panukalang ito at ginawa n'yo pang certified as urgent. Samantalang 'yong extension ng Bayanihan We Heal As One Act na direktang tumutugon sa inyong health crisis, kebs lang kung mapaso.[3] Ano ba talagang priority n'yong puksain, virus o terorista?

### 2. You shall not make for yourself an image in this time of crisis

You just want attention, bulong nga ni Charlie Puth sa 'kin. Pabida akong virus. Gusto ko na sa 'kin lang ang spotlight, nasa akin ang focus ng lahat. Pero iba rin kayo e. I kennat. Nasa gitna na ng pandemya't lahat, inuuna pa ang pagpapabango at pagpapaganda ng pangalan. Dinadamay n'yo pa ako sa mga awayang-politika ninyo. Mabuti nga at may ilang opisyal kayong may kongkretong plano laban sa 'kin. Pero sa halip na suportahan, tinalakan n'yo pa. Kesyo labag sa protocol na payagang mamasada ang mga tricycle dahil baka magkahawaan. Wala ngang transmission ng virus, pero paano naman ang transportation ng frontliners? Magpapaturo kay Goku kung paano mag-teleport?

Pero kaya naman pala, may sariling proyekto na gustong ibida. Talagang nagkakamatayan na ang lahat, pogi points pa rin ang priority ha. Pero akala ko ba iniiwasang magkahawaan? Bakit nagkaroon ng pa-home coming project sa probinsiya? In fairness naman, malaking tulong ito para sa locally stranded individuals (LSI) na gustong makauwi sa kanilang lugar. Pero ano pang sense nito kung ginawa n'yo naman silang sardinas na siksikan sa jam-

3 Catherine Valente, "Palace: Duterte Won't Certify as Urgent Bayanihan Law 2 'for Now'," *The Manila Times*, Hunyo 4, 2020, https://www.manilatimes.net/2020/06/04/news/latest-stories/palace-duterte-wont-certify-as-urgent-bayanihan-law-2-fornow/729420/.

packed na waiting area?[4] Nakauwi nga sila, may pasalubong namang virus sa pamilya.

### 3. You shall not misuse the name of the Lord

"Ang mag-ano lang nito God. He's the only one who can really solve the problem for us."[5]

Nasa Diyos daw yaong awa, nasa tao ang gawa, 'ka nga isang awitin. Laging magkasama ang awa at gawa. Pero paano magkakaroon ng awa kung wala namang nakikitang gawa? Hindi lang ang awa ng Diyos ang solusyon sa problemang 'to. Huwag n'yong gamiting panakip-butas ang pangalan Niya sa kawalan n'yo ng aksyon laban sa 'kin. #MassTestingNowPH #ContactTracingPH #PPEforFrontliners #AyudaSaLahat

### 4. Remember to observe social distancing

Kung may pa-Salita ng Taon ang KWF ngayong taon, tiyak na pasok sa banga ang terminong social distancing. Mula nang magsimula ang quarantine, parang sirang plakang paulit-ulit itong ipinaaalala. Social distancing. Layo-layo muna sa isa't isa. Bawal muna ang PDA o harutan sa daan. Wala munang ginuman ang mga tambay sa kanto. At siyempre pa, tigil muna rin ang chismisan sessions sa kalye. Maging sa mga pamilihan at botika, hindi puwedeng dikit-dikit sa pagpila. Tiis-tiis muna sa isang metrong distansiya nang di mahawa o makahawa sa kapwa.

Pero iba yata ang naging pakahulugan sa inyo. Agwat-panlipunan ang lalo n'yong pinaghiwalay. Lalong nalubog sa hirap ang mga dati nang nasa laylayan. Mas lumakas ang kalam ng kagutuman.

4 Krissy Aguilar, "Palace Admits Lapses in 'Hatid Tulong' as Stranded Persons Crowd Rizal Stadium'," *Inquirer.net*, Hulyo 28, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1313365/palace-admits-lapses-in-hatid-tulong-as-stranded-persons-crowd-rizal-stadium.

5 Genalyn Kabiling, "Duterte Turns to Prayers, Says Only God Can Solve the Pandemic," *Manila Bulletin*, Abril 7, 2020, https://news.mb.com.ph/2020/04/07/duterte-turnsto-prayers-says-only-god-can-solve-the-pandemic/.

Samantalang ang mga naghaharing-uri, chillax mode lang habang naka-WFH sa kani-kanilang mansion. Sarap ng buhay at sana ganito na lang palagi, sabi pa ng isa. Kitang-kita at damang-dama ang social distancing.

May mga bumabanat pa ng huwag na lang magreklamo at maging positive na lang sa mga nangyayari. Kung kayo kaya ang gawin kong positive, usto niyo 'yon? Aba, sino ba naman ang hindi maghihimutok kung ikukulong kayo sa mga bahay ninyo pero walang ayudang ibibigay? Ligtas nga sa virus na dala, namatay naman sa gutom. Hindi lahat may ipon tulad ng ilan sa inyo. Maraming nakaasa lang sa arawang kita tulad ng mga tsuper. Pero dahil pinatigil sila sa pamamasada, saan sila ngayon kukuha ng pera?

Kaya nga rin siguro binawi ng WHO ang paggamit sa terminong "social distancing" at pinalitan ito ng "physical distancing".[6] May ilan kasi sa inyong nagkakagulo na't lahat, nananatili pa ring tahimik sa mga nangyayari. Wapakels. Wa ako care. Wala akong paki. Pinangatawanan masyado ang social distancing. Pinutol nga ang koneksiyon sa paligid, sa kanilang kapwa. Para bang ipinapahiwatig na bahala kayong magdusa riyan. Basta ako, may sahod pa ring natatanggap. May sapat na imbak ng pagkain na tatagal kahit ilang buwan pang pahahabain ang quarantine. May disenteng tahanan na kukupkop sa akin habang nagkakagulo kayo sa labas. Tatalak lang kapag sila na ang apektado ng pagkakataon. Nalimutan na ang konsepto ng pakikipagkapwa. Nabubuhay na lang para sa sariling kapakanan. At sa tingin ko, 'yan ang mas matinding virus na kumakalat sa inyo ngayon. Paniguradong may vaccine na magagawa laban sa akin. Pero sa ganyang kaisipan, di ako sure kung madadaan sa gamutan.

6 ABS-CBN News, "WHO Urges Public to Practice 'Physical', Not Social, Distancing," *ABS-CBN News*, Marso 24, 2020, https://news.abs-cbn.com/news/03/24/20/who-urges-public-topractice-physical-not-social-distancing.

## 5. Honor the rules of community quarantine

Noong nasa Wuhan pa lang ako at pa-fly pa lang sa inyo sa katauhan ng Chinese na bukas-palad n'yo pa ring pinatuloy sa kabila ng mga chismis tungkol sa akin[7], may nalaman ako. Well, hindi naman masyadong big deal. Ibinahagi lang ng mga kapwa virus ko ang experience nila sa bansa n'yo. Tiyak na masisiyahan daw ako sa paglalamiyerda sa inyo. Tinanong ko kung bakit. Sagot nila, likas na raw kasi kayong mga pasaway. Effortless ang pagkalat kung sakali. At totoo naman talaga ang chismis! Record-breaking kayo. #PinoyPride

Paano ba naman, ginagawang joke time ng karamihan sa inyo ang quarantine rules. Gorabels pa rin sa paglabas kahit wala namang mahalagang bibilhin. Imagine, nag-abalang makipila sa drive-thru para sa overpriced coffee? Kasama na ba sa essentials ang pagbili ng mamahaling kape?[8] Hindi ako informed! 'Yong iba naman, go go go lang sa ginuman sa mga kanto. Deadma sa liquor ban. Pasa-pasahan ng tagay at laway.

Pero magtataka pa ba ako kung ang mismong mga pinuno at tagapagpatupad ninyo ng batas ang numero unong pasaway? May mambabatas na akala mo nasa Luneta Park kung makapasyal sa isang ospital kahit alam naman niyang PUI[9] siya. Akala niya 'ata ay "Puwedeng Umikot-Ikot" ang kahulugan ng PUI. Nakuha pang mag-sightseeing sa delivery room. Ito namang isa na kalihim sa isang ahensiya ng pamahalaan, nagpatawag ng pagtitipon sa mga OFW sa isang probinsiya.[10] Kung hindi ba naman mochang tanga, alam

7 Department of Health, "DOH Confirms Local Transmission of COVID-19 in PH; Reports 6th Case," Department of Health, Marso 7, 2020, https://www.doh.gov.ph/doh-press-release/doh-confirms-first-2019-nCoV-case-in-the-country.

8 Jannielyn Bigtas, "Starbucks Philippines Halts Operations in Luzon Stores," *GMA News Online*, Marso 17, 2020, https://www.gmanetwork.com/news/lifestyle/food/729994/starbucks-philippines-halts-operations-in-luzon-stores/story/.

9 Lian Buan, "DOJ Summons Koko Pimentel over Quarantine Breach Complaint," *Rappler*, Abril 14, 2020, https://www.rappler.com/nation/257900-doj-summonskoko-pimentel-coronavirus-quarantine-breach-complaint.

10 Katrina Hallare, "Mocha Justifies Gathering with OFWs in Batangas amid Enhanced Quarantine," *Inquirer. net*, Abril 28, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1266182/

na ngang bawal ang mass gathering, pinagsama-sama pa ang mga utaw sa isang lugar. Dikit-dikit. Free flowing ang supply ng virus. Hawaan galore!

Then just weeks later, aba, may gathering na naman (bakit ba baliw na baliw kayo sa gathering?) This time, law enforcer naman ang mismong violator. Nagdaos ng piging a.k.a. Mañanita sa kampo. All-out ang handaan (lumpiang shanghai lang ang kulang) at may pa-Voltes V-themed cake pa. At ang guestlist, hindi bababa sa limampung katao.[11] Anong say ng quarantine celebrants? #SanaAll may birthday "Mañanita" celebration. Pero sa halip na talakan, ginamitan ng compassion card. Tao lang naman daw sila, nagkakamali. Wala naman daw perpektong tao.[12] Unawain na lang. In short, huli pero di kulong.

Ang di ko lang gets, bakit hindi gumana ang compassion card na 'to sa iba? Kinulong ang mga residente ng Sitio San Roque na nagprotesta sa EDSA. Malinaw na ECQ violation ito. Pero tao lang din naman sila, di ba? Kumakalam ang sikmura kaya napilitang magprotesta. Pinagpapalo at kinulong ang fish vendor sa QC dahil walang suot na face mask. Malinaw na ECQ violation ito. Pero tao lang din naman siya, di ba? Maaaring nakalimutan o walang pambili ng face mask dahil sa kakaunting kita. Ikinulong ang anim na tsuper na nanawagan sa kalsada na makabalik sa pamamasada. Hindi nga ECQ violation ito dahil anim lang sila at hindi pa maituturing na mass gathering, pero ikinulong pa rin.[13]

---

mocha-justifies-gathering-with-ofws-in-batangas-amid-enhanced-quarantine.

11 Darwin Pesco. "Sinas, 18 Police Officers Charged over Lockdown Violations -PNP," *Manila Times*, Mayo 15, 2020, https://www.manilatimes.net/2020/05/15/news/lateststories/sinas-18-police-officers-charged-over-lockdown-violations-pnp/724952/.

12 Lia Buan, "'Compassion': DOJ Not Investigating Pimentel Quarantine Breach without Complaint," *Rappler*, Marso 25, 2020, https://www.rappler.com/nation/255879-dojwill-not-investigate-pimentel-coronavirus-quarantine-breach-without-complaint.

13 Karen Serada, "Anim na Driver na Nananawagan ng #BalikPasada, Hinuli ng Pulis at Sinampahan ng Kaso." *Manila Today*, Hunyo 3, 2020, https://manilatoday.net/anim-nadriver-na-nanawagan-ng-balikpasada-hinuli-ng-pulis-at-sinampahan-ng-kaso/.

Teka, ang dami ko nang ebas! Bahala kayo sa issues ninyo. Basta ako, naka-staycation lang sa inyo. Aalis din ako. Pero ang mga problemang sinabi ko, mananatili kung hindi ninyo aagapan. May virus man o wala. Basta ang akin, support na support ko ang palaging hanash ni Mareng Winnie. #BawalAngPasaway lalo na ngayong pandemya.

### 6. You shall not murder

Libo-libo na ang COVID casualties ninyo. At ang karamihan, mismong medical workers n'yo pa. Mga buhay na nailigtas sana kung naagapan n'yo agad ang pamemeste ko. Pero sa halip na pigilan ang pagtaas ng mga bilang na ito, aba dinagdagan n'yo pa. Binaril nang walang kalaban-laban ang isang retiradong sundalo na may iniindang PTSD dahil lang lumabag daw sa quarantine protocols. Sabagay, may "shoot them dead" order nga pala kayo sa sinumang lalabag sa quarantine rules, ano?[14] Kaso di ba kaya nga kayo may mga ganitong quarantine rule ay para maiwasan ang pagkalat ko at may mamatay nang dahil sa 'kin? So, bakit may ganitong kautusan? Mass testing po ang kailangan ninyo, hindi mass killing.

### 7. You shall not commit adultery

Hindi pa pala natatapos sa pa-welcome with open arms ang tender loving care ninyo sa mga Chinese. Sa kasagsagan ng pagtaas ng confirmed cases n'yo, todo support pa kayo sa muling pagbabalik ng operasyon ng POGO[15]. Naglatag pa nga ng mabusising guidelines para masigurong safe na safe ang workers.[16]

14 Al Jazeera, "'Shoot Them dead': Duterte Warns against Violating Lockdown," *Al Jazeera*, Abril 2, 2020, https://www.aljazeera.com/news/2020/04/dead-duterte-warnsviolating-lockdown-200401164531160.html.

15 Philippine Offshore Gaming Operators.

16 Christia Ramos, "Gov't OKs Partial Resumption of POGO Operations," *Inquirer.net*, Mayo 1, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1267829/ph-allows-partial-pogooperations-amid-covid-19-pandemic.

#SanaAll. Samantalang ang sarili n'yong workers, pinauubaya n'yo sa kani-kaniyang private companies ang responsibilidad ng pagpapa-test.[17] Tapos naisip n'yo pang buwisan pati ang mga online seller? Talagang sa panahon ng pandemya kung kailan kaniya-kaniyang diskarte ang bawat isa para maitawid ang arawang gastusin?[18] Bakit kaya hindi n'yo pag-initan ang PHP51 bilyong tax evasion ng inyong beloved POGO?[19] Nagtitiyaga kayo sa kakarampot na buwis mula sa online sellers gayong sa utang na tax pa lang ng POGO, solve na solve na kayo.

Pero alam n'yo kung ano ang mas masakit? Abala ang mga frontliner n'yo sa pag-aasikaso sa mga may sakit pero China pa rin ang bukambibig. Star of the night palagi at di nawawala sa mga pagbati.[20] Habang ang mga nagsisilbi sa mga ospital na umaaray at bumibigay na, deadma to the max! Ang siste, pang-poorita mirasol pa ang kaloob na hazard pay sa kanila. At may gana pang magtawag ng volunteer workers kapalit ang pamatay na PHP500 allowance. Literal na nakamamatay dahil sa kaakibat na panganib nito.[21] Pilipinas kayo, hindi kayo probinsiya ng anumang bansa. Kaya dapat lang na mas pagsilbihan ninyo ang sarili n'yong mamamayan. Tse!

17 Julie Aurelio at Roy Canivel, "Gov't Gives Private Sector Burden of Paying for COVID-19 Testing of Workers," *Inquirer.net*, Mayo 19, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1277163/govt-gives-private-sector-burden-of-paying-for-covid-19-testing-of-workers.

18 Ralf Rivas, "As Online Selling Booms, BIR Reminds Vendors to Register, Pay Taxes," *Rappler*, Hunyo 11, 2020, https://www.rappler.com/business/263509-bir-remindsonline-sellers-register-pay-taxes.

19 Erwin Colcol, "Philippine Government Loses P51B to POGO 'Tax Evasion' -Gatchalian," *GMA News Online*, Pebrero 23, 2020, https://www.gmanetwork.com/news/money/companies/726989/philippine-government-loses-p51b-to-pogo-taxevasion-gatchalian/story/./

20 Sofia Tomacruz, "Duterte Praises China's Xi during Coronavirus Briefing," *Rappler*, Marso 12, 2020, https://www.rappler.com/nation/254309-duterte-praises-china-xijinping-coronavirus-briefing.

21 The Star, "Philippine Health Care Workers Outraged by Allowance for Volunteers," *The Star*, Marso 29, 2020, https://www.thestar.com.my/news/regional/2020/03/29/philippinehealth-care-workers-outraged-by-allowance-for-volunteers.

## 8. You shall not steal

Laging kaakibat ng health crisis ang paglalabas ng pondo para matugunan ang pangangailangang medikal. Mula sa pag-shopping galore ng mga medical supply hanggang sa pamamahagi ng ayuda sa mga apektado ng lockdown. In short, madugong gastusin. Kaya in fairness, bilib ako sa inyo dahil kahit sa napakaikling panahon, nakapaglabas kayo ng bilyones. Nakaire ng PHP380 bilyon mula sa special powers na hatid ng Bayanihan to Heal as One Act. At more, more billions mula sa mga inutang sa World Bank, Asian Development Bank, Asian Infrastructure Investment Bank, at Bangko Sentral ng Pilipinas. Mahigit isang trilyong piso all in all! Congratulations! Palakpakan![22]

Pero saan naman kaya napunta ang mga datung na ito? Ang sabi, bumili raw kayo ng isang milyong PPE sets na made in China. At ang halaga? PHP1,800 kada isa o PHP1.8 bilyon sa kabuuan.[23] Wala bang mas mura? Kasi sabi ng isa n'yong senador, nasa pagitan lang ng PHP400 hanggang PHP1,000 ang normal price ng bawat PPE sa merkado. Mukhang totoo naman dahil nakabili nga ang VP n'yo ng PPE sets sa halagang PHP378.37.[24] Pasok na pasok sa badyet! May pang-meryenda pa! Pero bakit halos limang beses ang laki sa halaga nito ang nabili n'yo sa China? Anong special features na mayroon ang PPE ng China na wala sa iba? Hindi kaya nagkamali lang kayo ng order? Baka naman pang-astronaut attire ang nabili n'yo kaya ang maharlika. Remind ko lang kayo, ha? Sa mga ospital ito gagamitin. Hindi sa kalawakan.

22 Ben de Vera, "COVID-19 Financing Pushes PH Loans to New High of P8.65T," *Inquirer.net*, Hunyo 2, 2020, https://business.inquirer.net/298956/covid-19-financing-pushesph-loans-to-new-high-of-p8-6t.

23 Frances Mangosing, "More Sales for China as PH Buying 3M More PPE Sets, Giving Military Daunting Transport Strike," *Inquirer.net*, Abril 27, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1265538/more-sales-for-china-as-ph-buying-3m-more-ppe-setsgiving-military-daunting-transport-task.

24 TVernise Tantuco, "EXPLAINER: The PPE Keeping Our Healthcare Workers Safe," *Rappler*, Abril 3, 2020, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/256806-explainerpersonal-protective-equipment-keeping-healthcare-workers-safe-coronavirus.

At dahil sentro na rin ng tsikahan ang pondo, para saan ang mga natirang pera mula sa mga inutang n'yo kung hindi na pala extended ang paayuda? Di ba PHP 200 bilyon lang naman ang badyet para sa dalawang bugso ng SAP?[25] Meaning, may limpak-limpak na bilyones pang tira mula sa funding. Bakit hindi n'yo ituloy ang pamimigay ng financial assistance gayong marami pa rin ang di pa makabalik sa trabaho kahit GCQ na? Ano ang lalafangin nila sa mga susunod na linggo? Hindi naman sila si Doraemon na may madudukot all the time. Tulong-tulong din 'pag may time. #WeHealAsOne nga di ba? Pero hindi lang 'yan healing mula sa virus, ha? Healing din 'yan para sa mga kumakalam na sikmura. #WeHealAsOne mula sa virus at kagutuman.

## 9. You shall not bear false witness against your neighbors

"Mayroon na hong gumawa ng antibody. 'Yung antibody na hindi galing sa tao. Mukhang ito, sa basa ko . . . mayroon nang medisina, antibody ng isang giant pharmaceuticals tapos naghahabulan sila. Sabi by May, they would start to market it. Ang problema, sabi nga, we are on the last ladder. Ang mauna niyan 'yung mga mayayaman."[26]

Sa panahong lumalabnaw na ang huwisyo ng mga tao bunsod ng takot at pangamba, walang espasyo para sa kahit na anong fake news! Kahit pa modern na ang panahon, taon ang itinatagal bago makabuo ng bakuna. Hindi ito project sa school na kayang tapusin in one sem.[27] Verify muna ng facts bago humanash. Research-research din 'pag may time, sabi nga ni Cynthia. Hindi nakatutulong ang mga ganitong declaration lalo na't live ito sa

25 Argyll Geducos, "Palace: No More Cash Aid This June," *Manila Bulletin*, Mayo 30, 2020, https://news.mb.com.ph/2020/05/30/palace-no-more-cash-aid-this-june/.

26 INQUIRER.net (@inquirerdotnet), "Duterte to Lift Luzon-wide Quarantine If COVID-19 Antibody Becomes Available," Facebook, Abril 14, 2020, https://www.facebook.com/watch/?v=842309776238207.

27 Stuart Thompson, "How Long Will a Vaccine Really Take?" *The New York Times*, Abril 30, 2020, https://www.nytimes.com/interactive/2020/04/30/opinion/coronavirus-covid-vaccine.html.

national TV. Paano kung maraming maniwala? Makadadagdag lang 'yan sa stress at anxiety ng madlang pipol, lalo na kung malaman nilang false hope lang ang lahat.

10. You shall not covet

May VIP room talaga sa impiyerno itong mga todo hoard pa rin ng medical supplies kahit nasa panahon na ng pandemya. Tapos ibebenta pa nang pagkamahal-mahal. Alam na ngang kailangang-kailangan ngayon ng alkohol, face mask, at iba pang medical needs, tapos papatungan pa ng abot-langit na tubo?[28] E, kung gumora kaya ako sa mga bahay n'yo. Sungalngalin ko kayo ng virus ko nang tubo sa ospital ang ma-achieve ninyo? Usto niyo 'yon? Iyong iba naman kung makalimas ng alcohol sa supermarket, akala mo ito ang pinanliligo sa katawan. Hindi ikalilinis ng budhi n'yo ang pagtatampisaw sa alkohol. May scarcity na nga ng alkohol sa mga ospital tapos naka-display lang ang mga ito sa bahay n'yo? Ano 'to, mga tropeo ng kasugapaan ninyo? #NoToPanicBuying

PS:

Nag-abala na akong maglagay ng footnotes kung saan ko nahugot ang aking mga talak. Para may tinutuntungang reference. Hindi 'yong panay ang hanash, pero puro lang naman bash. Iwas fake news na rin, iwas CTTO. Sabi nga ni Papa Atom, I stand for truth. Doon tayo sa reliable at totoo. At alam n'yo kung ano ang totoo? Hindi talaga ako ang totoong kalaban n'yo, hulaan n'yo na lang kung sino. #SampungHanashNiCOVID

28 Christia Ramos, "635 Arrested for Hoarding, Profiteering, Price Manipulation amid Virus Crisis," *Inquirer. net*, Abril 14, 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1258291/635-individuals-arrested-for-hoarding-profiteering-price-manipulation.